

EMELITA GUIRALDO

KAKAYAHAN NG KABABAIHAN PATUTUNAYAN

Bilang isang babae, ang mga kakayahan natin ay masasalamang sa maraming aspeto ng buhay. Ako mismo bilang isang solo parent, napatunayan ko na kaya kong magtaguyod ng aking mga anak at apo nang maayos. Ito ay isang patunay na kahit wala kang kasama sa pagtahak ng landas ng buhay, mayroon kang lakas at determinasyon na kayang-kaya mong lampasan ang mga pagsubok.

Ang pagiging solo parent ay hindi hadlang upang maging matagumpay sa pagtahak sa mga responsibilidad sa buhay. Sa tulong ng aking pananampalataya, patuloy akong gabayan ng Panginoon sa aking araw-araw na paglalakbay. Hindi ko naramdaman na ako ay nag-iisa sa aking mga pinagdadaanang hamon. Sa bawat hakbang, nakikita ko ang sarili ko na lumalaban at patuloy na umaangat.

Isa sa mga katangian ng isang babae ay ang kanyang pagiging maparaan at malikhain sa pagharap sa mga hamon. Kahit na kulang sa lakas, ang isang babae ay may taglay na lakas ng loob at determinasyon upang malampasan ang anumang pagsubok sa kanyang buhay. Ang pakikipagkapwa-tao at pagkakaroon ng mga kaibigan sa iba't ibang antas ng buhay ay nagpapakita ng ating kakayahan na makisalamuha at magmahal ng kapwa.

Sa bawat pagsubok, hindi tayo sumusuko. Ang isang babae ay handang harapin ang anumang hamon sa buhay at patuloy na magtataguyod ng mga pangarap. Walang lalaki sa buhay mo? Walang problema. Kaya mong tumayo mag-isa at magtagumpay. Ang pagiging progresibo sa buhay at maayos na pag-aalaga sa pamilya ay isang patunay na ang isang babae ay may kakayahan na hindi lamang sa pag-ibig kundi pati na rin sa tagumpay.

Sa bawat tulong at pagmamalasakit na ibinibigay natin sa kapwa, nakakabuo tayo ng isang magandang komunidad. Kahit sa simpleng bagay lamang, tulad ng pagtulong sa kapwa, may malaking epekto ito sa ating pakiramdam at sa iba. Ang pagtanggap ng pasasalamat mula sa mga taong natulungan natin ay isang patunay na ang mga munting bagay na ginagawa natin ay may malaking halaga sa kanilang mga mata.

Sa kabuuan, ang pagiging isang babae ay hindi lamang tungkol sa kagandahan at katalinuhan. Ito rin ay tungkol sa lakas ng loob, determinasyon, at pagmamalasakit sa kapwa. Ang bawat isa sa atin, sa ating sariling paraan, ay may kakayahang baguhin ang mundo at magdulot ng inspirasyon sa iba.